

OPISYAL NA PAHAYAG

Abril 12, 2021

Kontak: Jane Grobaty, Opisyal ng Impormasyong Pangkomunidad, 562.570.3233,
Jane.Grobaty@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

Ang Long Beach Parks, Recreation at Marine ay Mag-aalok ng Isang Programang ('Nature Detectives') 'Mga Detektib ng Kalikasan' Pagkatapos ng Eskwela sa El Dorado Nature Center ngayong Mayo

Ang Pagpaparehistro ay Magsisimula sa Abril 20

Long Beach, CA - Ang Departamento ng [Parks, Recreation and Marine \(PRM\)](#) sa Lungsod ng Long Beach ay ipagpapatuloy ang tanyag na 'Mga Detektib Ng Kalikasan' pagkatapos ng program sa kampo ng paaralan sa El Dorado Center sa Mayo. Ang pagpaparehistro mula sa apat na linggong programa na magagamit para sa mga batang edad 5 hanggang 9 na taong gulang ay magsisimula sa Abril 20 ng alas 8:00 ng umaga.

Ito ay idinisenyo upang paningasin ang isang interes sa kalikasan sa pamamagitan ng mga aktibidad na hands-on. Ang 'Mga Detektibo ng Kalikasan' ay sumusunod sa isang kurikulum na tumutugma sa mga pamantayan sa nilalaman na antas ng grado para sa mag-aaral na nasa elementarya.

Magsisimula ang pagpaparehistro sa Martes, Abril 20 sa alas 8:00 ng umaga sa online sa LBParks.org at personal sa El Dorado Nature Center, matatagpuan sa 7550 E. Spring Street. Magpapatuloy ang pagpaparehistro hanggang mapuno ang mga slot. Ang bayad sa mga sesyon ng kampo ay \$80 dolyar bawat kalahok. Ang pagpapatala ay dapat na tumutugma sa kasalukuyang antas ng mga kalahok at ang kanilang kaarawan ay dapat bago ang petsang Setyembre 2, 2015.

Ang lahat ng mga sesyon ng kampo ay magaganap mula alas 2:30 hanggang alas 4:00 ng hapon at may tsek-in at medikal na pag-iskrin simula sa alas 2:15 ng hapon bawat araw.

Ang mga Iskedyul ng Sesyon ngayong Spring ng Nature Detectives ay ang mga sumusunod:

- **Kindergarten at Unang Grado (edad 5 hanggang 6 na taong gulang)**
 - Martes (kurso #46246): Mayo 4, 11, 18 at 25
 - Huwebes (kurso #46247): Mayo 6, 13, 20 at 27
- **Pangalawa at Pangatlong grado (edad 7 hanggang 9 na taong gulang)**
 - Miyerkules (kurso #46248): Mayo 5, 12, 17 at 26

Upang matiyak ang kaligtasan ng lahat ng mga kalahok at kawani ng kampo, ang mga 'Detektib Ng Kalikasan' ay susunod sa mga protokol ng COVID-19 para sa mga proteksyon:

- Mga pagsusuri sa kalusugan para sa mga kalahok at kawani, kabilang ang pagsusuri sa temperatura.
- Nililimitahan ang bilang ng mga kalahok sa bawat kampo
- Pinapanatili ang hindi mas malaki kaysa sa 14:2 na ratio ng kalahok-sa-kawani.
- Pagpapatupad ng mga pisikal na distansya ng mga protokol kasama ang pag-tsek-in at pag-tsek-out.
- Paglilinis at pag-disimpek ng maraming beses bawat araw.
- Madalas na paglilinis at pag-disimpek ng lahat ng mga lugar na palaging hinahawakan.
- Ang pangangailangan ng mga pantakip sa mukha para sa mga kalahok at kawani.

Maliban sa Nature Detectives, ang PRM ay nagaalok din ng mga iba't ibang mga [free and low-cost programs for youth](#). Para sa mga karagdagang impormasyon, manyaring bisitahin ang longbeach.gov/park o tumawag sa 562.570.3150.

Para sa mga tanong sa midia ay maaring idirekta kay Jane Grobaty, Opisyal ng Komunikasyong Pangkomunidad, 562.570.3233, Jane.Grobaty@longbeach.gov.

###